

Paghingi ng tulong:



Pag-email sa mga guro

- Paano hanapin ang guro ng iyong mag-aaral sa IC.
- Paano i-email ang guro ng iyong mag-aaral.
- Paano gumawa ng mga open-ended na taong upang asuportahan nang mabuti ang iyong mag-aaral gamit ang email.



Washoe County School District
Every Child, By Name And Face, To Graduation...

1

Kontakin ang paaralan ng iyong mag-aaral para tulungan kang mag-login.

Infinite Campus
Campus Parent
Washoe County
Parent Username
Password

2

Pumili ng Iskedyul/Term/Klase

Message Center
Today
Calendar
Assignments
Grades
Grade Book Updates
Attendance
Schedule
Schedule
T1 T2
Term T2 (01/04 - 06/07)
DAY: MAIN
01 ACCEL ENG 6/AP SEM S2
7:45 AM - 8:46 AM

3

I-copy/Paste ang Email Address o I-type ito sa Iyong

ACCEL ENG 6/AP SEM S2
Course Info Grades Upcoming Assignments (0)
Teacher Information
ROBERTO KEITH D
TEACHER NAME
TName @WashoeSchools.net
Course - Section Number
1278 - 1
Periods
Day Main: 01

Iminumungkahing Email Format

Mahal na [Pangalan ng Guro],

Ang aking mag-aaral na si [pangalan ng mag-aaral] ay nahihirapan nang husto sa bahay upang tapusin ang kanyang ginagawa at sa kagalingan ng kanyang isip. May mga sanggunian ba kayo na makakatulong sa kanya? Pakisuyong tawagan ako sa 123-4567 sabihin sa akin ang mga sangguniang iyon dito sa email.

Sumasainyo,
[Iyong Pangalan]



Mga Open-Ended na Tanong

- Ano ang nakikita mong mga kalakasan ng aking anak?
- Sa anong mga bahagi ang sa tingin mo ay maaaring nangangailan ang anak ko ng dagdag na tulong? (akademiko at sosyal emosyonal)
- Ano ang makukuhang mga sanggunian sa paaralan o komunidad para magbigay ng dagdag na tulong para sa aking anak?
- Ano ang mga pinakaepektibong paraan upang masuportahan ko ang edukasyon ng aking anak sa labas ng paaralan?





Sino ang lalapitan ko sa Paaralan

Nais ka naming tulungan na makausap ang tamang tao.

Kausapin ang inyong principal o assistant principal kung kinakailangan.

Hindi lahat ng paaralan ang mayroong nitong lahat ng propesyonal.

GURO

- Suporta sa takdang-aralin, pagsusulit at sa silid-aralan
- Pangkaraniwang mga alalahanin sa silid-aralan at tuluy-tuloy na komunikasyon
- Positibong interbensiyon at suporta sa pag-uugali o Positive behavioral interventions and supports (PBIS)
- Pambu-bully
- Pag-uugali

MGA TAGAPAYO NG PAARALAN

- Sosyal at Emosyonall na mga Kasanayan
- Kalusugan at Kagalingan ng Isip
- Akademikong Pagpapalano
- Kolehiyo at Pagpapaunlad ng Karera
- Panandaliang Pagpapayo na Pang-indibidwal at Panggrupo
- Mga referral sa mga sanggunian na nasa antas ng Distrito at sa labas ng mga ahensiya sa komunidad
- Interbensiyon sa Krisis

PRINCIPAL/ASSISTANT PRINCIPAL

- Paglalagay at setup ng klase
- Inaalala sa pagdidisiplina, tulad ng pagkulong o pagsuspinde
- Mga isyung may kaugnayan sa guro na hindi malulutas sa pakikipag-usap nang direkta sa kanila
- Mga patakarang ng paaralan
- Pambu-bully

PANTANGING MGA GURO AT KAWANI

- Mga isyung may kaugnayan sa mga IEP at sa English Language Development
- Paghiling ng mga miting
- Mga plano sa pagsuporta ng ugali
- Mga inayon sa pamantayan na pagsusulit
- Sosyal/emosyonal na mga isyu (kakayahang humarap, paglutas ng di-pagkakasundo, interbensiyon sa krisis)

DIREKTOR SA ATLETIKO/MGA AKTIBIDAD

- Pagkakwalipikado ng pangkat sa isports
- Isyu sa mga coach
- Mga alituntunin sa paggawa ng mga atletang mag-aaral

SUPERVISOR NG PROGRAMA PAGKATAPOS NG PASOK

- Superbisyon at transportasyon
- Mga aktibidad at akomodasyon
- Pagpaparehistro sa Programa
- Sosyal na mga isyu

FACE LIAISONS/TAGAPAGTAGUYOD NG PAGTATAPOS NG PAMILYA

- Sumusuporta sa pakikipag-usap sa mga guro
- Mga tanong tungkol sa IC Parent Portal
- Pangkalahatang tanong tungkol sa sistema ng edukasyon
- Nag-uugnay ng relasyon sa pagitan ng paaralan at pamilya

SOCIAL WORKER NG PAARALAN

- Iniuugnay ang mga pamilya sa mga sanggunian ng komunidad, tulad ng kalusugan ng isip, kalusugan, pabahay, at pagkain
- Sumusuporta sa mga mag-aaral at pamilya na humaharap ng traumatic stress sa pamamagitan ng pagpapayo sa kalusugan ng isip at interbensiyon sa krisis
- Pinapahusay ang paglulutas ng problema na komunikasyon sa pagitan ng tahanan at paaralan kapag ang mga mag-aaral ay nahihirapang humarap sa mga pagsubok

PROPEYONAL SA LIGTAS NA PAARALAN

- Iniuugnay ang mga pamilya sa komunidad at sa mga sanggunian ng Distrito
- Tumutulong sa pagpapayo, paglutas ng di-pagkakasundo, at pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikipagkapwa-tao

MGA SENTRO NG SANGGUNIAN NA PAMPAMILYA

- Mga sanggunian at referral para mga basic na pangangailangan tulad ng pagkain, pabahay, at kalusugan
- Pagbabadyet, pagtatakda ng tunguhin, at paglutas ng problema
- Adbokasiya at mga interbensiyon sa mga ahensiya ng komunidad
- Mga programa sa pagiging magulang kabilang ang Parenting Wisely at Apple Seeds Parenting Program